11/23/2021
Reproduction No. 464, s. 2021
For Dissemination and Compliance
ZENIA G. MOSTOLES, Ed,D., CESO V
Schools Division Superintendent
Schools Division of Bulacan

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
NOV 15 2021
By:
Time:

Ika-12 ng Nobyembre 2021

**School Division of Bulacan**

Mabuhay!

Sa selebrasyon ng Linggo ng Misyong Lasalyano, ang inyong paaralan maging ang inyong mahuhusay na mag-aaral, ay malugod na iniimbitahan ng De La Salle University-Integrated School na maging kalahok sa gaganaping pambansang programa ng Senior High School Department na pinamagatang: **Layag, Pilipinas 2021!**

Hinihikayat na makilahok ang mga mag-aaral na nasa ika-10 baitang na nagnanais madagdagan ang kalaaman patungkol sa mga mahahalagang paksa sa mga asignaturang Senior High School na makatutulong sa paghahanda sa sarili sa pagpasok sa mas mataas na antas sa susunod na taon.

Nilalayon din ng nasabing programa na makabuo ng matibay at magandang ugnayan ang mga Lasalyanong kalahok at mga mga kalahok mula sa iba't ibang pampublikong paaralan sa Pilipinas. Naniniwala ang mga tagapamunuan ng programa na walang pagsubok ang makatitigil na pagbuklurin ang bawat isa upang maipagpatuloy ang mga mabuting misyong laan para sa Diyos at bayan.

***Sino-sino ang maaaring makibahagi rito?***

- Mag-aaral na nasa **ika-10 baitang** mula sa **pampublikong paaralan.**
- May interes makapagbahagi sa loob ng klase kasama ang mga Lasalyano at kapwa kalahok sa programa. Ang programa ay magaganap sa **Nobyembre 22 hanggang 26, 2021,** tuwing **ika-5 ng hapon.**
- May mataas na interes sa mga kurso sa ilalim ng sumusunod na strand/track:
  a. Arts and Design Track (ADT)
  b. Accountancy, Business and Management (ABM)
  c. Humanities and Social Sciences (HUMSS)
  d. Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM)

***Paano magparehistro sa programang ito?***

Ang mga kwalipikasyon ay:

- Bukas ito sa lahat ng mga mag-aaral na nasa **ika-10 baitang** na kasalukuyang nakaenrol sa kahit na anong pampublikong paaralan sa Pilipinas (pormal/alternatibo).
- May Liham ng Pahintulot mula sa mga *magulang*.
- May Liham ng Rekomendasyon mula sa *Tagapayo o Guro*.
- May **magagamit na device at internet connectivity** sa oras ng klase.

***Magtungo lamang sa*: https://bit.ly/layagpilipinas2021 *para sa buong proseso ng pagpapatala. Para sa opisyal na fb pubmat:* https://bit.ly/pubmatlayag21**

**MGA PAKSA:**

| ADT | ABM | HUMSS | STEM |
|---|---|---|---|
| Contemporary Philippine Arts in the Regions | Entrepreneurship | Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino | Biology |
| Introduction to Philosophy of the Human Person | Marketing | Philippine Politics and Governance | Physics |
| 21st Century Literature in the Philippines and the World | Business Ethics and Corporate Social Responsibility | Discipline and Ideas in the Social Sciences | Chemistry |
| Media and Information Literacy | English for Academic and Professional Purposes | Community Engagement, Solidarity, and Citizenship | Disaster Risk Reduction |
| Performing Arts Workshop/ Art Production Workshop | Christian Living | Christian Living | Christian Living |

Para sa iba pang mga katanungan at upang makakalap ng iba pang mahahalagang impormasyon sa naturang programa, maaari kayong magtungo sa **DLSU Humanities and Social Sciences FB page** (**https://www.facebook.com/dlsu.is.humss**).

Ito ay libre at boluntaryo! Nais naming makasama kayo sa darating na ika-22 hanggang 26 ng Nobyembre ngayong taon.

Maraming salamat!